

Binaligtad ng Supreme Court ang Roe v Wade

SAN FRANCISCO, Hunyo 29, 2022 – Kami, ang pamunuan ng San Francisco Health Plan (SFHP), ay dismayado sa 6-3 na pasya ng Kataas-taasang Hukuman ng U.S. sa Dobbs v Jackson Women's Health na baligtarin ang matagal na at makabuluhang pamarisan ng Roe v. Wade.

Binabawi ng pasya sa Dobbs ang pederal na proteksyon ng karapatan sa mga ligtas at mabisang pagpapalaglag at ipinapailalim nito ang reproductive na kalusugan ng mga tao sa hurisdiksyon ng iba't ibang batas ng estado.

Isinabatas ng California ang karapatan sa pagpapalaglag. Noong 2002, nagpasa ang California ng batas na gumagarantiya sa karapatang pumili ng isang tao. Legal ang mga pagpapalaglag sa ilalim ng anumang sitwasyon sa batas hanggang sa viability ng fetus. Pagkatapos ng viability ng fetus, maaaring isagawa ang pagpapalaglag upang maprotektahan ang buhay o kalusugan ng buntis.

Iginagalang ng SFHP ang mga reproductive na karapatan ng LAHAT ng miyembro nito at patuloy itong susuporta sa mga taong pipiliing wakasan ang kanilang pagbubuntis anuman ang dahilan. Sinasaklaw ng SFHP ang mga serbisyo sa pagpapalaglag para sa lahat ng nagpatala sa Medi-Cal nito at patuloy nitong pahihintulutan ang mahalagang serbisyonang ito upang matiyak na walang hadlang para sa lahat ng aming miyembro sa ligtas at mabisang reproductive na pangangalagang pangkalusugan.

Patuloy naming susuportahan ang aming network ng mga provider at tauhan, na marami sa kanila ang hindi kailanman umasang may makakaharap na hamong tulad nito sa kanilang mga karera at lubhang naapektuhan ng balita.

#

Tungkol sa San Francisco Health Plan

Ang San Francisco Health Plan (SFHP) ay may rating na 4 mula sa 5 sa NCQA's Medicaid Health Plan Ratings 2021. Ang SFHP ay lisensyadong planong pangkalusugan sa komunidad na nagbibigay ng abot-kayang saklaw sa kalusugan sa mahigit 160,000 pamilyang may mababa at katamtamang kita na nakatira sa San Francisco. Ginawa ang SFHP para sa at ng mga residenteng pinagsisilbihan nito—marami sa kanila ang hindi makakuha, sa ibang paraan, ng pangangalagang pangkalusugan para sa sarili nila o sa kanilang mga pamilya. Sa pamamagitan ng SFHP, may access ang mga miyembro sa buong saklaw ng mga medikal na serbisyo kabilang ang pangangalagang pang-iwas sa sakit, pagpapaospital, mga inireresetang gamot, pagpaplano ng pamilya, at programa para sa pang-aabuso sa substance. Ang misyon ng SFHP ay pagandahin ang mga resulta sa kalusugan ng iba't ibang komunidad sa San Francisco sa pamamagitan ng mga matagumpay na pagtutulungan. Ang San Francisco Health Plan ay isa ring third-party na administrator para sa Healthy San Francisco program na kinikilala sa bansa. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa SFHP, bisitahin ang www.sfhp.org.

Makipag-ugnayan sa:

SFHP – Gunilla Bergensten

Director, Marketing & Communications

gbergensten@sfhp.org

1(415) 615-5914